
8

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Kabihasnang Minoan, Mycenaean at Kabihasnang Klasiko ng Greece




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_AP-8_Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Module – Self – Learning Modules**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Kabihasnang Minoan, Mycenaean, at Kabihasnang Klasiko ng Greece**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Geoffrey A. Retita, Sheila M. Penza |
| **Mga Editor:** | Filipina F. Meehleib, Lileth F. Oliverio, Alfe S. Lito, Lilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, John M. Anino, Lalaine S. Gomera, Dan Ralph M. Subla, Renato L. Latorre, Larry G. Morandante, Jirc Nadia S. Bargado |
| **Mga Tagasuri:** | Marino L. Pamogas, Joel P. Plaza, Leowenmar A. Corvera, Honorato Mendoza, Edwin G. Capon, Edwin C. Salazar, Fatima D. Notarte, Carlos C. Catalan, Jr., Fernando A. Dones Jr |
| **Tagaguhit:** | |
| **Tagalapat:** | Paul Andrew A. Tremedal, Aldrin V. Ubas, Marvin D. Barrientos |
| **Mga Nangasiwa:** | Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol, Jr., Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares, Karen L. Galanida, Florence E. Almaden, Carlo P. Tantoy, Venus M. Alboruto, Noemi D. Lim, Laarni C. Micayas |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ___________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center,
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600

Telefax: (085) 342-8207; (085) 342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Kabihasnang Minoan, Mycenaean at Kabihasnang Klasiko ng Greece

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mga mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang mga anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsasagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Sa modyul na ito inaasahan na iyong matututunan ang mga mahahalagang pangyayari na naghubog ng Kabihasnang Minoan, Mycenean at Kabihasnang Klasiko ng Greece.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang maging mas maganda ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa pagtalakay tungkol sa **Kabihasnang Minoan, Mycenaean, at Kabihasnang Klasiko ng Greece** na nahahati sa sumusunod na paksa:

- Paksa 1 - Ang mga Minoan
- Paksa 2 - Ang mga Mycenaean
- Paksa 3 - Ang mga Polis
- Paksa 4 - Ang Sparta
- Paksa 5 - Ang Athens
- Paksa 6 - Ginintuang Panahon ng Athens

**Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mag-aaral ay naipapamalas ang pag-unawa sa kontribusyon ng mga pangyayari sa Klasiko at Transisyunal na Panahon sa pagkabuo at pagkahubog ng pagkakakilanlan ng mga bansa at rehiyon sa daigdig.

**Pamantayan sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong ng pangangalaga at pagpapahalaga sa mga natatanging kontribusyon ng Klasiko at Transisyunal na Panahon na nagkaroon ng malaking impluwensya sa pamumuhay ng tao sa kasalukuyan.

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**

Nasusuri ang kabihasnang Minoan, Mycenaean at Kabihasnang Klasiko ng Greece (**AP8DKT-IIa-1)**

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- natatalakay ang mga pangyayari na naghubog ng kabihasnang Minoan, Mycenaean, at Kabihasnang Klasiko ng Greece;
- nasusuri ang pagkakaiba at pagkakatulad ng Sparta at Athens sa pulitika, ekonomiya, at sosyal na aspeto ng lipunan;
- nailalahad ang mga pangyayari na may kinalaman sa pag-unlad ng kabihasnang klasiko ng Greece;
- natatalakay ang mga batas na ipinatupad ng mga pinuno ng sinaunang Athens at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan; at
- naimumungkahi ang sariling repormang panlipunan na tugon sa mga isyu at mga problemang kinakaharap ng bansa.

## *Subukin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.
Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Saan itinatag ang kabihasnang Minoan?
   A. Athens  C. Parthenon
   B. Crete  D. Sparta

2. Ano ang ginawa ng mga Minoan upang umunlad ang kanilang kabihasnan?
   A. pinalawig ang pagmimina sa lugar
   B. nagtatag ng mga arena upang kumita
   C. nakikipagkalakalan sa mga karatig lugar
   D. nakipaglaban at umangkin ng iba pang lupain

3. Dahil sa pagsalakay at pagsakop nito sa mga Minoan, anong pangkat ng tao ang nagpayaman sa kabihasnang Greece?
   A. Athenian  C. Mycenaean
   B. Minoan  D. Spartan

4. Anong pangyayari ang sanhi ng pagbagsak ng Mycenae?
   A. Pagsakop ng mga Dorian
   B. Pakikipagkalakalan sa ibang lugar
   C. Pagkasira ng kanilang mga pananim
   D. Epidemya at maraming tao ang namatay

5. Anong lugar ang sentro ng pulitika at relihiyon ng Greece?
   A. Acropolis  C. Arena
   B. Agora  D. Polis

6. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa tinatamasa ng lehitimong mamamayan ng Greece?
   A. karapatang bomoto
   B. magkaroon ng ari-arian
   C. bibigyan ng porsiyento sa kalakalan
   D. humawak ng posisyon sa pamahalaan

7. Ano ang itinuring pinakamahalagang naidulot ng pakikipagkalakalan sa Kabihasnang Greek?
   A. Lumago ang mga negosyanteng Greek.
   B. Nakapipili ang mga mamamayan ng iba't ibang produkto.
   C. Nakapaglalakbay ang mga mamamayang Greek sa ibang lupain.
   D. Nalalaman nila ang mga bagong ideya at teknik mula sa ibang lugar.

8. Anong lungsod-estado ng Greece ang binansagang “pamayanan ng mga mandirigma”?
   A. Athens  C. Mycenae
   B. Corinth  D. Sparta

9. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng mahusay at matibay na sandatahang-lakas sa isang bansa?
   A. para mapanatili ang kapayapaan at kaunlaran ng ibang bansa
   B. upang maipagtanggol ang sariling bansa laban sa mga kalaban
   C. upang maipakita sa buong mundo ang kahusayan at kagalingan
   D. para siguradong matatakot ang lipunan at susunod sa pamahalaan

10. Ano ang kahulugan ng salitang *tyrant* sa kasalukuyan?
    A. masipag na lider
    B. masayahing lider
    C. malupit na pinuno
    D. makupad na pinuno

11. Ano ang pinakamahalagang natutunan ng mga Greek mula sa mga Phoenician?
    A. paggamit ng mga aklat
    B. paggamit ng lapis at papel
    C. pagtatag ng mga paaralan
    D. paggamit ng kanilang alpabeto

12. Sa lungsod-estado ng Sparta, ang mga batang lalaking malulusog ay sinasanay na sa mga serbisyong militar. Ano ang iyong mahinuha sa sitwasyong ito?
    A. Pinahalagahan ang kanilang edukasyon.
    B. Pinahalagahan ang kalinisan ng kampo-militar.
    C. Pinahalagahan ang kanilang sandatahang-lakas.
    D. Pinahalagahan ang karapatan ng mga kababaihan at kalalakihan.

13. Ano ang pinakamahalagang ambag ng Athens sa kabihasnan ng daigdig na ginagamit hanggang sa kasalukuyang panahon?
    A. Asembleya  C. Demokrasya
    B. Batas Militar  D. Lungsod-Estado

14. Alin sa sumusunod na kalagayan ang nagpapakita ng lubos na pagtulong ng pamahalaan ng sinaunang Greece sa mga mamamayan?
    A. pagbibigay ng buwis sa pamahalaan
    B. pagbibigay-pautang para sa mga magsasaka
    C. pagpapawalang-bisa sa pagkakakulong dahil sa utang
    D. pagbibigay-galang sa mga matataas na opisyal ng pamahalaan

15. Ano ang ipinapahiwatig ni Pericles tungkol sa kaniyang pananaw na “Ang konstitusyon ay isang demokrasya dahil sa ito ay nasa mga kamay ng nakararami at hindi ng iilan”?
    A. Ang pamahalaan ay hawak ng iilang mamamayan sa lipunan.
    B. Ang hari at reyna ang may lubos na kapangyarihan sa estado.
    C. Ang mga inihalal na opisyal ng pamahalaan ang nagdedesisyon para sa kanilang bayan.
    D. Ang mamamayan ang may karapatang magdesisyon kung sino ang dapat mamuno sa pamahalaan.

| Aralin 1 | Kabihasnang Minoan, Mycenaean at Kabihasnang Klasiko ng Greece |
|---|---|



## *Balikan*

**Gawain 1: Ambag Mo, Alam Ko**
**Panuto:** Magbigay ng limang halimbawa ng mga naiambag ng bawat sinaunang kabihasnan sa daigdig.
Gawin ito sa sagutang papel.

| Mesopotamia | Indus | Tsino | Egypt | Mesoamerica |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |



## *Tuklasin*

**Gawain 2: Huli Ka!**
**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang mga sagot na hinihingi ng bawat bilang. Gawin ito sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pericles | Dorian | Acropolis | Hellenes |
| Mycenaean | Sparta | Minos | Cleisthenes |
| Solon | Archon | Pisistratus | Ionian |

1. Ibinatay dito ang Kabihasnang Minoan
2. Naiugnay nila ang Crete sa lumalagong kabihasnan sa Greece
3. Pinasok at tinalo nila ang mga Mycenaean
4. May malaking bahagi sa pag-unlad ng kabihasnang Greece
5. Naging sentro ng politika at relihiyon ng mga Greek
6. Binansagang pamayanan ng mga mandirigma

7. Katawagan sa mga pinuno ng Asembleya
8. Sa kasalukuyan, pinangalan sa kaniya ang mga kinatawang pambansang pamahalaan na gumawa ng batas
9. Pinairal niya ang demokrasya sa Athens
10. Hinati niya ang Athens sa sampung distrito

# *Suriin*

Sa bahaging ito, susuriin mo ang mga mahahalagang pangyayari na may kinalaman sa Kabihasnang Minoan, Mycenaean, at Kabihasnang Klasikal ng Greece upang mas lalong yumabong ang iyong kaalaman sa paksa.

## Ang mga Minoan

Batay sa mga dalubhasa na nag-aaral sa mga nakaraang sibilisasyon, ang yugto ng pag-unlad ng lipunang Aegean ay nag-umpisa sa Crete mga 3100 BCE o Before Common Era. Ang pangalang Minoan ay hinango sa pangalan ng maalamat na hari na si Minos na nagtatag ng kabihasnan. Ang mga Minoan ay tanyag bilang magagaling gumamit ng metal at iba pang teknolohiya. Ang kanilang tahanan ay gawa sa laryo *(bricks)* at may pamamaraan sila ng pagsusulat. Mahusay rin silang manlalayag.

Nang lumaon, sumikat ang Knossos bilang isang malakas na siyudad at napagtagumpayang hawakan ang buong pook ng Crete. Dito makikita ang palasyo ng hari na ipinatayo sa may dalawang ektarya ng lupa na napapalibutan ng mga bahay na bato. Ang tirahan ng hari ay napinsala ng magkakasunod na dilubyo at iba pang likas na sakuna.

Ipinagpalagay mula 1600 BCE hanggang 1100 BCE, nakamit ng Crete ang kasaganaan. Yumabong nang lubos ang pinagkukunang yaman ng Crete resulta ng pagpapalitan ng produkto ng mga Minoan sa Silangan at sa may dakong Aegean. Tumaas lalo ang bilang ng mga bayan at lungsod kung saan ang Knossos ang nagsisilbing pinakamalawak at sentro ng kalakalan.

Ang lipunang Minoan ay hinati sa apat na antas: ang mga maharlika, mangangalakal, magbubukid, at mga alipin. Sila ay puno ng katiwasayan kung kaya't nahumaling sila sa mga magagarang bagay at kasangkapan. Maging sa aspeto ng palakasan ay hindi nagpaiwan ang mga Minoan. Sila ang unang nakapagtayo ng *arena* sa buong daigdig kung saan isinagawa ang mga paligsahan sa iba't ibang larangan.

Tumagal ang kabihasnang Minoan hanggang 1400 BCE. Nagwakas ang kanilang kabihasnan nang sunod-sunod na makaranas ang Knossos at mga karatig-pamayanan nito ng paglusob na sumira sa kanilang kabuhayan at lipunan. Dahil dito, nagsimulang humina ang kanilang pamumuhay hanggang sa ito ay maglaho sa kasaysayan.

**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Sino ang mga Minoan? Saan sila nagsimula?
2. Paano umunlad ang kabihasnang Minoan?
3. Ano ang pinakamahalagang ambag ng mga Minoan sa kasaysayan?
4. Bakit humina at naglaho ang kabihasnang Minoan?
5. Anong mga patunay ang makapagpapakita ng palatandaan ng ambag ng mga Minoan sa kasalukuyang panahon?

## Ang mga Mycenaean

Bago pa man mapasailalim sa kapangyarihan ng mga Mycenaean ang Crete, nagsimula na ang mayaman ng kabihasnan nito sa Timog Greece.

Ang Mycenaea ay matatagpuan sa dagat Aegean at lundayan ng isa pang mayamang kabihasnan. Matatagpuan sa siyudad ang mga mahuhusay na lansangan at mga tulay na nagdurugtong sa bawat lugar. Napapalibutan ng mataas at matibay na pader upang magsilbing proteksiyon sa posibleng pag-atake. Noong 1400 BCE, napasakamay ng mga Mycenaean ang pulo ng Crete dahil na rin sa husay nilang maglayag. Ipinapalagay na sila ang pinagmulan ng kabihasnang Greek. Maraming bahagi ng kabihasnang Minoan ang makikita sa mga Mycenaean Greek. Nariyan ang ilan sa mga wikang Minoan, sining, at ilang mga alamat at kuwento. Karamihan sa mga wikang Minoan ay makikita sa wika ng mga Mycenaean Greek.

Nakakalungkot isipin na walang matagpuang direktang aklat na naglalaman ng mga kuwento ng mga pinuno at magigiting na Mycenaean. Tanging sa mga aklat na isinaling-wika ang mababasa. Dahil dito, ang mga kuwento tungkol sa mga diyos-diyosan ang naging batayan ng alamat ng mga Greek.

Ang mga makakapal na pader ng Mycenaea na inaasahang magbibigay ng proteksyon sa kanila ay hindi nangyari nang lusubin sila ng mga **Dorian** mula sa hilagang Greece noong 1100 BCE. Sa pagbagsak ng Mycenaea, marami sa mga mamamayan nito ang lumikas patungo sa ibang pulo sa dulong bahagi ng dagat Aegean. Isa na dito ang mga pulo ng Ionia na yumabong dahil sa pakikipagkalakalan.

Ang mga kaganapang ito ay tinawag na *Dark Age* o madilim na kapanahunan na tumagal nang halos 300 taon. Naging pangkaraniwan ang digmaan ng iba't ibang pamunuan ng bawat pamayanan. Natigil ang pagpapalitan ng mga produkto, pagsasaka, at iba pang uring pangkabuhayan maging ang pag-unlad ng sining at pagsulat ay unti-unting nahinto.

Sa paglipas ng madilim na kabanata sa kasaysayan ng kabihasnang Mycenaean, dahan-dahang sumibol ang isang panibagong kabihasnan na matatagpuan sa lungsod-estado ng Ionia. Ang mga karunungang dala ng mga Ionian ay madaling kumalat hanggang sa kabuuan ng Greece at may malaking impluwensiya sa kamalayan ng mga tao.

Ilang bayan sa baybayin ng Greece ang nagpahayag ng kanilang sariling pagkakakilanlan na may mahalagang papel sa pagkilala ng natatanging kabihasnan ng Greek na tinatawag na *Hellenes*. Hango sa salitang *Hellas* na ang ibig sabihin ay Greece. Ito ay bantog sa kasaysayan bilang Kabihasnang Hellenic na tumagal mula 800 BCE hanggang sa 400 BCE at tinaguriang isa sa mga pinakamaningning na kabihasnan sa mundo.

**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Sino ang mga Mycenaean? Saan sila nagmula?
2. Paano umunlad ang kabihasnang Mycenaean?
3. Anong pangyayari ang nagbunsod sa pagbagsak ng kabishang Mycenaean?
4. Bakit mahalaga ang kabihasnang Mycenaean sa pagsibol ng kabihasnang Hellenic?
5. Sa paanong paraan nagkakaiba at nagkakatulad ang kabihasnang Minoan at Mycenaean?

## Ang mga Polis

Bunsod ng mga labanan bago pa ang pagsibol ng Hellenic, nagpagawa ng mga tanggulan ang mga Greek na inilagay sa tabi ng mga burol at sa mga ibabaw ng bundok upang maitanggol ang kanilang sarili sa paglusob ng samu't saring pangkat. Dito nag-umpisa ang mga lungsod-estado o *polis* kung saan galing ang salitang may kaugnayan sa komunidad tulad ng pulisya, politika at politiko. May iba't ibang lawak ang polis. Ang pinakanararapat na dami na dapat bumuo ng polis ay 5000 na kalalakihan sapagkat sila lamang ang nailalagak sa opisyal na listahan ng dami ng tao ng lungsod-estado. Halos lahat ng mga polis ay may mga bayang makikita sa matatayog na lokasyon na tinatawag na *acropolis* o mataas na lungsod. Sa oras ng labanan, ito ang nagsilbing sandalan ng mga Greek bilang kanilang kalasag. Sa acropolis makikita ang mga nagtataasang tirahan ng hari at templo na pinamamahayan ng mga *oracle* o propeta kung kaya't ito ang naging lunduyan ng politika at pananampalataya ng mga Greek. Ang mababang parte naman ay tinawag na *agora* o pamilihan ng bayan. Napapalibutan ng mga pamilihan at iba pang mga gusali na naging dahilan sa malayang pagbebenta at pakipagpalitan ng mga produkto.

Sa mga lungsod-estado, nadama ng mga Greek na sila ay bahagi ng pamayanan. Ito ang katuwiran kung bakit ibinigay naman nila ang kanilang katapatang-loob at paglilingkod. Mayroon ding mga dayuhan na naninirahan sa lungsod-estado, ngunit tanging ang mga mamamayan ng polis lamang ang pinagkakalooban ng kapangyarihan na pumili ng mga pinuno, magkaroon ng ari-arian, mabigyan ng katungkulan sa pamahalaan, at maipagtanggol ang sarili sa mga hukuman.

Bilang kapalit, sila ay dapat na aktibo sa pamayanan, handang sumaklolo at magbigay-kalinga sa mga polis sa oras ng digmaan. Dahil dito, nagbunga ito ng paglago ng mga lungsod-estado at napalakas pa ito sa pag-unlad ng pagpapalitan ng mga produkto. Kalakip dito ang pagtaas ng bilang ng mga tao na naging dahilan naman kung bakit lumipat sa ibang lupain ang mga Greek. Ang iba ay nagpunta sa baybaying dagat ng Mediterranean at Iton. Kahit na napadpad sila at namuhay sa malalayong pook, patuloy pa rin ang kanilang pakikipag-ugnayan sa pinanggalingang lungsod-estado o *metropolis*.

Bunga ng pakikipagpalitan ng mga produkto sa iba't ibang sulok ng mundo, natuklasan ng mga Greek ang mga bagong kaisipan at pamamaraan. Ang alpabetong kanilang ginagamit at paggawa ng mga malalaki at matutuling sasakyang pandagat ay hinango mula sa mga Phoenician. Samantala, natutunan nila sa mga Sumerian ang tamang pamamaraan sa pagsukat at ang paggamit ng barya sa komersiyo at kalakalan ay nakuha naman nila sa mga Lydian.

**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Ano-ano ang uri ng pamumuhay ng mga tao sa loob ng mga Polis?
2. Paano ipinapakita ang ugnayan ng mamamayan at ng kanilang pamahalaan sa mga lungsod-estado?
3. Paano nakatulong ang pakikipagkalakalan ng mga sinaunang Greek sa pagpapayabong ng kanilang kaalaman sa iba't ibang larangan?
4. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang pakikipagkalakalan ng ating bansa sa iba't ibang bansa sa kasalukuyan?

**Sparta**

Ang polis o lungsod-estado ng Sparta ay itinayo ng mga Dorian sa Peloponnesus na matatagpuan sa timog na bahagi ng peninsula ng Greece. Sa buong Greece, ang Sparta lamang ang hindi nakadepende sa komersyo. Napalaki nila ang kanilang nasasakupan sa pananakop ng mga karatig-pook na lupain at nagdala ng bihag upang gawing alipin na mas kilala sa tawag na *helot* na siyang tagapagsaka sa kanilang malalawak na lupain.

Ilang beses na nabigong maghimagsik ang mga helot laban sa mga Spartan. Dahil sa mga pangyayaring ito, napagpasyahan ng mga Spartan na palakasin ang kanilang hukbo at magtatag ng isang pamayanang mandirigma na siyang lulupig sa sandaling sumiklab ang panibagong paghihimagsik.

Ang pinakamahalagang naisin ng lungsod-estado ng Sparta ay magtamo ng mga kalalakihan at kababaihang hindi nasisindak at may malalakas na pangangatawan. Ang bawat bagong panganak na bata ay sinusuring maigi. Kapag hindi malusog at may diperensya ang isang bata ay iniiwan nila ito malapit sa kabundukan hanggang sa mamatay. Habang ang mga malulusog na bata ay hinahayaang lumaki at maglibang sa kani-kanilang tahanan hanggang sila ay tumuntong sa edad na pito. Sa pagsapit nila sa gulang na ito, dinadala na sila sa mga kampo-militar upang masimulan ang mahigpit na pagsasanay.

Matikas at malakas na pangangatawan, kagalingan sa pakikipagdigma, at pagkakaroon ng tibay ng loob ang ilan sa pinakamahalagang layunin ng pagsasanay ng isang Spartan. Kinakaya nila ang mga karamdaman at mahigpit na kalagayan nang walang daing. Pinahihintulutan lamang sila na makasama ang kanilang pamilya kapag bakasyon. Sa edad na 20, ang mga kabataang lalaki ay ganap ng kawal ng lipunan at isinasama na sila sa digmaan. Sa gulang na 30, sila ay hinahangad na magkaroon ng kabiyak subali't nararapat pa ring kumain at manahanan sa kampo, kung saan ang mga gastusin ay paghahatian. Sa gulang na 60, doon pa lamang sila maaaring huminto sa paglilingkod bilang kawal.

Sa pamayanang Spartan, ang lahat ay nagtutulungan upang mahadlangan ang mga paghihimagsik ng mga helot kung kaya't maging ang mga kababaihan ay hinuhubog na maging malakas na mandirigma. Hindi gaya ng kababaihang Athenian, ang mga kababaihang Spartan ay may labis na natatamong karapatan. Sila ang nangangasiwa ng lupang pag-aari ng kanilang asawa habang ang mga ito ay nasa himpilan. Hinahayaang makisalamuha sa iba habang masayang naglilibang at nangunguna sa mga paligsahan gaya ng pagbubuno o *wrestling*, boksing, at karera.

Maituturing na ang mga Spartan ang pinakadalubhasa sa larangan ng hukbong-militar sa buong mundo. Kung dati'y sabay-sabay sumusugod sa labanan, ang mga Spartan ay nakaisip ng mga taktikang nagbigay sa kanila ng tagumpay sa pakikipaglaban. Sa halip na umatake ng sunod-sunod sa mga kaaway, sila ay nananatiling buo sa kinatatayuan pasulong o paatras sa digmaan, tangan ang kalasag sa kaliwang kamay at espada naman sa kanan.

Ang mga kawal na ito ay tinatawag na *phalanx* na kinabibilangan ng 16 na hanay ng mga mandirigma. Sila ang pangunahing tagapagtanggol ng kanilang polis. Kapag nasawi ang mga hukbo sa unang hanay, dagli itong papalitan.

**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Sino ang mga Spartan? Saan sila mas makilala sa kasaysayan ng Greece?
2. Paano nila natamo ang pagkakaroon ng malalakas na mandirigma? Paano nila ito sinasanay?
3. Bakit malakas at mahusay sa pakikidigma ang mga kababaihang Spartan?
4. Makatarungan ba ang paraan ng Sparta sa pagpili sa kanilang mga mandirigma? Ipaliwanag ang iyong sagot.
5. Mahalaga pa rin ba sa kasalukuyan ang pagkakaroon ng pinakamahusay na sandatahang-lakas? Ipaliwanag ang sagot.

## Athens

Umusbong ang lungsod-estado ng Athens na matatagpuan sa gitnang bahagi ng peninsula ng Greece noong 600 BCE. Hindi akma ang lupain ng Athens sa agrikultura kung kaya't ang mga mamamayan nito ay nagmimina ng mga mineral, gumagawa ng mga palayok o *ceramics*, pangangalakal gamit ang mga sasakyang pandagat, at pangingisda. Pinalawak ng Athens ang nasasakupan nito sa pamamagitan ng pagsasanib ng ibang lungsod-estado sa ilalim ng kaniyang pamamahala.

Pinamumunuan ng isang *tyrant* ang Athens. Sa simula, sinasabing ang tyrant ay nangangahulugan na isang pinuno na nagsusulong ng mga karapatan ng bawat mamamayan. Ngunit sa paglipas ng panahon, ang ilan sa mga pinuno nito ay umabuso at nagmalabis sa kanilang kapangyarihan upang mabago ang pananaw ng mga tao sa kahulugan ng salitang tyrant bilang isang mapaniil at walang habag na pinuno ng lipunan.

Sa umpisa, ang Athens ay pinangangasiwaan ng isang hari na pinili ng asembleya ng lipunan. Ang asembleyang ito ay kinabibilangan ng mga maharlika at mayayamang mamamayan na may matataas na katungkulan sa pamahalaan. Tinatawag silang *Archon* at mayroon silang malaking impluwensiya sa pangangasiwa ng lungsod-estado. Hindi naglaon, umabuso ang mga ito at kinakatigan lamang nila ang mga patakaran na pumapabor sa interes ng mga mayayaman habang napapabayaan ang mga ordinaryong mamamayan sa lipunan.

Hindi nagtagal, naghangad ng pagbabago ang mamamayang Athenian. Upang malunasan ang lumalalang kalagayan sa lipunan, inutusan ng mga aristokrata si Draco, isang mambabatas, na magpanukala ng batas na naglalayong baguhin ang sistema ng pamamahala. Hindi nagtagumpay ang nasabing paraan dahil itinuturing na isang mapaniil na batas ang kaniyang nagawa. Maaaring nagtagumpay siya na malimitahan ang kapangyarihan ng ilan sa mga namumuno subalit, hindi niya nagawang malunasan ang problema sa pagkakabaon sa utang ng karamihan sa mga ordinaryong mamamayan at maliliit na mangangalakal. Bagkus, ang nasabing patakaran ay hindi nabago ang pagkiling sa mga aristokrata na naghahangad ng kapangyarihan.

Naganap ang tunay na pagbabago sa lipunan nang mahalal si Solon noong 594 BCE. Nagmula siya sa pangkat ng mga mangangalakal at yumaman dahil dito. Kilala siya sa pagiging matalino at patas. Inalis niya ang pagkakautang ng mga mahihirap at ginawang labag sa batas ang pagiging alipin nang dahil sa pagkakautang. Pinagkalooban din niya ng karapatan ang mga ordinaryong mamamayan na lalaki na maging bahagi ng panghukumang lupong tagahatol.

Ang mga pagbabagong ipinatupad ni Solon ay nakapaghatid ng kaginhawahan sa mga mahihirap at ordinaryong mangangalakal sa Athens. Dahil dito mas lalong napaunlad ang pakikipagkalakalan ng Athens sa loob at labas ng lungsod-estado. Sa paglago ng kalakalan, napabuti ang kalagayan ng mga tao sa usaping kapakinabangan at kabuhayan.


Larawan ni Pisistratus

Pagsapit ng 546 BCE, isa na namang mabuting mambabatas ang nagbigay ng kaginhawaan sa pamayanang Athens sa katauhan ni Pisistratus. Kilala siya sa pagiging aktibo sa usaping politika at pamamahala. Kahit siya ay nagmula sa angkan ng mga aristokrata, binigyan niya ng katiyakan ang pamumuhay ng mga ordinaryong mamamayan.

Higit na kakaiba ang mga pagbabagong kanyang ipinatupad gaya ng pagbibigay ng malawak na bukirin sa mga taong walang sakahan, pagpapautang sa mga mamumuhunan at maliliit na mga mangangalakal, pagbibigay ng pagkakataon sa mga taong nagnanais magsilbi sa pamahalaan, at pagpapahusay ng sistema ng irigasyon na nakatulong nang malaki sa paglago ng agrikultura.

Naging matibay at matatag ang pamayanan ng Athens pagdating ng 510 BCE nang maluklok si Cleisthenes bilang pinuno. Sa ilalim ng kaniyang pamamahala, hinati niya sa sampung distrito ang Athens upang mapadali itong mapangasiwaan. Ipinatupad din niya ang mga alituntunin na nagsasaad na ang bawat distrito ay maglalaan ng sampung lalaki na maglilingkod sa lupong tagapayo upang mapadali ang paglikha ng panibagong batas at masiguro na ang bawat distrito ay may pantay na kinatawan sa pamahalaan.

Bukod dito, nagawang mapatatag ni Cleisthenes ang Athens sa pagnanais nito na mapanatili ang kaayusan sa pamayanan. Sa kaniyang pamamahala, ipinatupad niya ang batas na naglalayong mapaalis ang sinumang itinuturing na banta sa seguridad ng lungsod-estado. Maliban sa kanila, maaari ding mapaalis sa pamayanan ang sinuman kung ibinoto ito ng mahigit na 6000 na mamamayan. Ang tawag sa paraang ito ay *ostracism* o patakaran ng pagpapaalis sa isang tao sa kaniyang pamayanan subalit pinapanatili ang kalayaan nito. Ang pangyayaring ito ang nagbigay daan sa pagsibol ng demokrasya sa Athens kung saan binigyang halaga ang papel ng bawat mamamayan na makilahok sa pangangasiwa ng kanilang pamahalaan.

**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Ilarawan ang paraan ng pamumuno ng mga sumusunod na mambabatas sa Athens:
   a. Draco
   b. Solon
   c. Cleisthenes
   d. Pisistratus
2. Bakit mahalaga ang pagpapatupad ng batas sa pagpapanatili nang maayos at matibay na estado?
3. Sa iyong palagay, ano ang mahalagang papel ng bawat mamamayang Pilipino sa pangangasiwa at pamamalakad ng ating pamahalaan?

## Athens: Ginintuang Panahon

Pagsapit ng 461 BCE, napili ang *strategos* o heneral na si Pericles bilang pinuno ng Athens. Makailang beses siyang nahalal bilang pinuno hanggang sa siya ay namatay noong 429 BCE. Sa panahon ng kanyang panunungkulan, labis-labis ang mga proyektong napakinabangan ng mga mamamayan ng Athens.

Pinunan ni Pericles ang mga katungkulan sa pamahalaan at marami ang nabigyan ng trabaho. Nabigyan din ng sapat na kita ang mga tao na siyang nagpaganda sa kanilang pamumuhay. Ang kanilang partisipasyon bilang kawani o manggagawa sa pamahalaan ay nagpatibay ng demokrasya sa Athens. Nabigyan din nang pantay na pagkakataon ang bawat mamamayang Athenian maharlika man o maralita na makapaglingkod sa pamahalaan. Tinatayang umaabot sa 1/3 na bahagdan ng mamamayan ay kabilang sa mga nanungkulan sa pamahalaan at palatandaan ng masiglang demokrasya.

Sa kabila ng mga pagbabagong ipinatupad ni Pericles, may mga pangkat ng tao sa lipunan ang hindi nasiyahan sa kaniyang mga nagawa. Ayon sa mga aristokrata, ang ipinakita niyang mga pagbabago ay naging sanhi ng pagkalugi ng pamahalaan at paghimok sa mga karaniwang mamamayan na maging tamad. Subalit, ipinagtanggol niya ang kanyang mga nagawa at matagumpay na naisulat ni Thucydides, isang historyador. Ayon kay Pericles, "Ang konstitusyon ay isang demokrasya dahil sa ito ay nasa mga kamay ng nakararami at hindi ng iilan". Dito ipinahiwatig ni Pericles ang kahalagahan ng partisipasyon ng bawat mamamayan sa pagtaguyod ng demokrasya at pagsunod sa nakasulat sa konstitusyon. Ang panunungkulan ng nakararami sa pamahalaan ay nagpapakita ng pagpapalawig ng demokrasya at pagsunod sa konstitusyon na siyang pangunahing batas ng estado.

Sadyang makabuluhan ang edukasyon para sa mga Athenian. Dahil dito nagpatayo sila ng mga pribadong paaralan na kung saan ang mga lalaki ay tinuturuan ng pagbabasa, matematika, musika, at mga obra ni Homer na Iliad at Odyssey. Bukod rito, kabilang din sa kanilang pinag-aaralan ang sining, usaping pampulitika, at mga asignaturang nakatuon sa palakasan.

Pagtungtong ng 18 gulang, tuturuan ang mga lalaki sa mga gawaing panghukbo sa loob ng dalawang taon hanggang sa maaari nang maging bahagi ng pamayanang Athenian at maging aktibo sa pamahalaan.

Ang pangunahing ikinabubuhay at pinagmumulan ng pagkain ng mga Athenian ay pagsasaka. Ipinapalit nila ang mga labis na ani sa iba't ibang kasangkapang pantahanan.

Kahit na maluho at magara ang mga gusaling pambayan, ang mga tirahan naman ay karaniwan lamang, kahit na ito ay pagmamay-ari ng aristokrata. Sa kabilang banda, payak lamang ang naging paraan ng pamumuhay sa Athens kung tutuusin. Subalit mula sa payak na kalagayan na ito ay nalinang ang mga pinakamagagaling na alagad ng sining, manunulat, at mga pilosopo na hinahangaan sa buong mundo hanggang sa kasalukuyan.

**Mga Pamprosesong Tanong**


1. Ano ang ipinahihiwatig ni Pericles sa kanyang mensahe na "Ang ating konstitusyon ay isang demokrasya dahil sa ito ay nasa mga kamay ng nakararami at hindi ng iilan"?
2. Ano ang kahalagahan ng edukasyon sa pag-unlad ng lungsod-estado ng Athens?
3. Bigyang patunay kung bakit mahalaga ang edukasyon sa pagtamo ng kaunlaran at mga pagbabago sa lipunan sa kasalukuyang panahon.



# *Pagyamanin*

**Gawain 3:** ***Diagram Completion***

**Panuto:** Gamit ang diagram sa ibaba, itala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Sparta at Athens bilang mga lungsod-estado ng sinaunang Greece. Gawin ito sa sagutang papel.




**Gawain 4: Iugnay Mo, Kaunlaran Ko**

**Panuto:** Ipaliwanag ang mahalagang papel na ginampanan ng sumusunod sa pag-unlad ng kabihasnang klasiko ng Greece. Isulat ito sa sagutang papel.

| May Kaugnayan sa Pag-unlad ng Kabihasnan | Mahalagang Papel na Ginampanan sa Pag-unlad ng Kabihasnan |
|---|---|
| 1. Pakipagkalakalan | |
| 2. Pag-unlad ng mga polis at acropolis | |
| 3. Kasanayang pang-militar | |
| 4. Demokrasya | |
| 5. Repormang pangkabuhayan | |
| 6. Paghahati ng Athens sa sampung distrito | |
| 7. Pagkakataong makapaglingkod sa pamahalaan, mayaman man o mahirap | |
| 8. Pagpapahalaga sa edukasyon | |
| 9. Mga proyektong pampubliko | |
| 10. Paggawa o pagsulat ng batas | |



# Isaisip


**Gawain 5: Batas ng Pagbabago**

**Panuto:** Itala ang mga batas/pagbabagong pinaiiral ng mga sumusunod na pinuno. Gawin ito sa sagutang papel.

| Mga Pinuno | Mga Batas/Pagbabagong Pinairal |
|---|---|
| 1. Solon | |
| 2. Draco | |
| 3. Cleisthenes | |
| 4. Pericles | |
| 5. Pisistratus | |

**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga batas o pagbabagong pinairal ng mga pinuno?
2. Bakit hindi natuwa ang mga mayayaman sa Athens sa mga pagbabagong ginawa ng mga pinuno?
3. Magiging susi ba sa kaunlaran ng isang bansa ang mga batas na pinairal ng mga pinuno kung iuugnay mo ito sa kasalukuyan? Patunayan ang iyong sagot.



# Isagawa

**Gawain 6: Ito Ang Gusto Ko!**

**Panuto:** Magtala ng sariling reporma o mga pagbabagong pampolitika o panlipunan na sa pananaw mo ay makatulong sa pag-unlad ng isang pamayanan. Ipaliwanag kung paano ito makatulong.
Gawin ito sa sagutang papel.

# *Tayahin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.
Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na kalagayan ang nagpapakita ng lubos na pagtulong ng pamahalaan sa mga mamamayan?
   A. Pagbibigay ng buwis sa pamahalaan
   B. Pagbibigay pautang para sa mga magsasaka
   C. Pagpapawalang-bisa sa pagkakakulong dahil sa utang
   D. Pagbigay galang sa mga matataas na opisyal ng pamahalaan

2. Ano ang itinuring pinakamahalagang naidulot ng pakikipagkalakalan sa Kabihasnang Greek?
   A. Lumago ang mga negosyanteng Greek.
   B. Nakapipili ang mga mamamayan ng iba't ibang produkto.
   C. Nakapaglalakbay ang mga mamamayang Greek sa ibang lupain.
   D. Nalalaman nila ang mga bagong ideya at teknik mula sa ibang lugar.

3. Sa lungsod-estado ng Sparta, ang mga batang lalaking malulusog ay sinanay na sa mga serbisyong militar. Ano ang iyong mahinuha sa kalagayang ito?
   A. Pinahalagahan ang kanilang edukasyon.
   B. Pinahalagahan ang kalinisan ng kampo-militar
   C. Pinahalagahan ang kanilang sandatahang lakas.
   D. Pinahalagahan ang karapatan ng mga kababaihan at kalalakihan.

4. Ano ang kahulugan ng salitang tyrant sa kasalukuyan?
   A. masipag na lider
   B. masayahing lider
   C. malupit na pinuno
   D. makupad na pinuno

5. Dahil sa pagsalakay at pagsakop nito sa mga Minoan, anong pangkat ng tao ang nagpayaman sa kabihasnang Greece?
   A. Athenian C. Mycenaean
   B. Minoan D. Spartan

6. Ano ang ginawa ng mga Minoan upang umunlad ang kanilang kabihasnan?
   A. pinalawig ang pagmimina sa lugar
   B. nagtatag ng mga arena upang kumita
   C. nakikipagkalakalan sa mga karatig lugar
   D. nakipaglaban at umangkin ng iba pang lupain

7. Ayon kay Pericles ng Athens, ang konstitusyon ng Athens ay isang demokrasya sapagkat nasa kamay ito ng nakakarami. Ano ang ipahiwatig ni Pericles?
   A. Ang pamahalaan ay hawak ng mga iilang mamamayan sa lipunan.
   B. Hari at reyna lamang ang may lubos na kapangyarihan sa kanilang bayan.
   C. Tanging opisyal ng pamahalaan lamang ang magdesisyon para sa kanilang bayan.
   D. Ang taong-bayan ang siyang magdesisyon kung sino ang dapat mamuno sa kanilang pamahalaan.

8. Ano ang pinakamahalagang natutunan ng mga Greek mula sa mga Phoenician?
   A. paggamit ng mga aklat
   B. paggamit ng lapis at papel
   C. pagtatag ng mga paaralan
   D. paggamit ng kanilang alpabeto

9. Anong pangyayari ang sanhi ng pagbagsak ng Mycenae?
   A. Pagsakop ng mga Dorian
   B. Pakikipagkalakalan sa ibang lugar
   C. Pagkasira ng kanilang mga pananim
   D. Epidemya at maraming tao ang namatay

10. Ano ang pinakamahalagaahang naiambag ng Athens sa kabihasnan ng daigdig?
    A. Asembleya          C. Demokrasya
    B. Batas Militar       D. Lungsod-Estado

11. Saan itinatag ang kabihasnang Minoan?
    A. Athens          C. Parthenon
    B. Crete           D. Sparta

12. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng mahusay at matibay na sandatahang-lakas sa isang bansa?
    A. para mapanatili ang kapayapaan at kaunlaran ng ibang bansa
    B. upang maipagtanggol ang sariling bansa laban sa mga kalaban
    C. upang maipakita sa buong mundo ang kahusayan at kagalingan
    D. para siguradong matatakot ang lipunan at susunod sa pamahalaan

13. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa tinatamasa ng lehitimong mamamayan ng Greece?
    A. karapatang bomoto
    B. magkaroon ng ari-arian
    C. bibigyan ng porsiyento sa kalakalan
    D. humawak ng posisyon sa pamahalaan

14. Anong lungsod-estado ng Greece ang binansagang "pamayanan ng mga mandirigma"?
    A. Athens          C. Mycenae
    B. Corinth         D. Sparta

15. Anong lugar ang sentro ng pulitika at relihiyon ng Greece?
    A. Acropolis          C. Arena
    B. Agora              D. Polis

# Karagdagang Gawain

**Gawain 7: Batas ng Kaunlaran**

**Panuto:** Magtala ng tatlong batas o programa ng pamahalaan na pinaiiral sa kasalukuyan na sa tingin mo ay higit na nakatulong sa kaunlaran ng ating bansa. Gawin ito sa sagutang papel.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. B
2. C
3. C
4. A
5. A
6. C
7. D
8. D
9. B
10. A
11. D
12. C
13. C
14. C
15. D

**Balikan**

**Gawain 1: Ambag Mo, Alam Ko**

| Kabihasnang Egypt | Kabihasnang Tsino | Kabihasnang Indus | Kabihasnang Mesopotamia |
|---|---|---|---|
| Pyramid<br>Mummification<br>Hieroglypics<br>Geometry<br>Kalendaryo na may 365 araw | Kalendaryo<br>Great Wall of China<br>Feng Sui<br>Chopsticks<br>Abacus<br>Magnetic compass<br>Pamaypay | Sewarage system<br>Ayurveda<br>Decimal system<br>Taj Mahal<br>Hinduism<br>Halaga ng pi (3.1416) | Ziggurat<br>Water clock<br>Cuneiform<br>Code of Hammurabi<br>Sexagesimal system |

**Tuklasin**

**Gawain 2: Huli Ka!**

1. Minos
2. Mycenaean
3. Dorian
4. Hellenes
5. Acropolis
6. Sparta
7. Archon
8. Solon
9. Pericles
10. Cleisthenes

**Ang mga Polis**

1. Samut-sari ang makikita sa loob ng polis, may mga grupo ng mga alipin, magsasaka, artisan, mangangalakal, at aristokrata. Mayroon ng mahusay at sistematikong proseso sa lipunan sa iba't ibang larangan.

2. Makikita ang ugnayan ng pamahalaan at ng mga mamamayan na kung saan ay nadama ng mamamayan na sila ay bahagi ng pamayanan. Ang damdaming ito ay nagbunga ng katapatang-loob at paglilingkod ng husay, aktibo sa pamayanan, handang sumaklolo at magbigay-kalinga sa oras ng digmaan.

3. Bunga ng pakikipagpalitan ng mga produkto sa iba't ibang sulok ng mundo, nalaman ng mga Greek ang mga bagong kaisipan at pamamaraan. Galing sa mga Phoenician ang kaalaman sa paggamit ng sariling alpabeto. Napakinabangan din nila ang pamamaraan ng mga Phoenician sa paglikha ng malalaki at matutulin na sasakyang-pandagat. Samantala, natutunan nila sa mga Sumerian ang tamang pamamaraan sa pagsukat at ang pakinabang sa paggamit ng barya sa komersiyo ay nakuha nila sa mga Lydian.

4. Ang kahalagahan ng pakipagkalakalan ng ating bansa sa iba't ibang bansa ay nagdulot ng mabilis na pag-unlad ng ating ekonomiya. Maraming produkto ang naipasok sa atin na wala tayo, halimbawa na lamang ng mga makinarya at computers na isa sa modernong kagamitan na may malaking tulong sa ekonomiya.

**Ang mga Mycenaean**

1. Ang mga Myceanean ay mahusay na manlalayag, nakapagtatag ng sariling kabihasnan, at tinalo nila ang mga Minoan. Nagmula sila sa timog ng Greece.

2. Umunlad ang kabihasnang Mycenaean sa pamamagitan ng pakipagkalakalan. Dagdag rin ang pag-angkop at pagkatuto sa iba't ibang larangan mula sa mga Minoan.

3. Bumagsak kabihasnang Myceanean dahil sa paglusob ng mga Dorian. Tinawag ang pangyayaring ito na Dark Age kung saan naging pangkaraniwan ang digmaan ng iba't ibang pamunuan, natigil ang pagpapalitan ng mga produkto, pagbubukid, at iba pang uri ng pagkakitaan. Maging ang pag-unlad ng sining at pagsulat ay dahan-dahan din na nahinto.

4. Naging mahalaga ang sibilisasyong Mycenaean sa kabihasnang Hellenic dahil ito ang nag-umpisa sa pagtataguyod ng mga kaisipan at pamamaraan sa iba't ibang antas sa pagbuo ng isang kabihasnan sa Greece.

5. Ang kaibahan ng Mycenaean sa Minoan ay ang Mycenaean ay umunlad sa pamamagitan ng pakipagkalakan at pananakop ng ibang lupain, samantalang ang Minoan ay umunlad sa pamamagitan lamang ng pakikipagkalalan sa mga karatig-lugar. Ang kanilang pagkakatulad ay ang mga Minoan at Mycenaean ay may kasanayan na sa paggawa ng barko at paglalayag.

**Suriin**

**Ang mga Minoan**

1. Ang mga Minoan ay lipunang Aegean na matagumpay na nakapagtatag ng kabihasnan. Nagmula sila sa Crete.
2. Umunlad ang kabihasnang Minoan sa pamamagitan ng pakipagkalakalan sa mga karatig-lugar.
3. Ang pakipagpalitan ng produkto o pakipagkalakalan ay maituturing na pinakamahalagang ambag ng mga Minoan sa kasaysayan.
4. Unti-unting humina ang kabihasnang Minoan dahil sa sunod-sunod na paglusob ng mga kaaway na nagpabagsak sa kanilang hanapbuhay.
5. Sa kasalukuyan, naging isa sa pundasyon ang kabihasnang Minoan sa iba't ibang bansa sa buong daigdig. Nabatid na maging susi sa pag-unlad ng isang bansa ang gawaing pangkalakalan.

**Athens**

1.
   a) Draco - nilimitahan niya ang kapangyarihan ng mga pinuno.

   b) Solon - tinanggal niya ang pagkakautang ng mga dukha at ginawang ilegal ang pagkakaalipin nang dahil sa utang. Pinagkalooban din niya ng karapatan ang mga ordinaryong mamamayan na lalaki na maging lupong tagahatol sa hukuman.

   c) Cleisthenes - hinati niya sa sampung distrito ang Athens upang mapadali itong mapangasiwaan. Ipinatupad rin niya ang mga alituntunin na nagsasaad na ang bawat distrito ay maglalaan ng sampung lalaki na maninilbihan sa lupong tagapayo upang mapadali ang paglikha ng panibagong batas at masiguro na ang bawat distrito ay may pantay na representasyon sa pamahalaan. Ipinatupad niya ang batas na naglalayong mapatalsik ang mga tao na itinuturing na banta sa seguridad ng estado.

   d) Pisistratus - pagbibigay ng malawak na bukirin sa mga taong walang sakahan, pagpapautang sa mga mamumuhunan at maliliit na mga negosyante, pagpapalawak ng mga oportunidad sa mga taong nagnanais manungkulan sa pamahalaan, at pagpapahusay ng sistema ng irigasyon na nakatulong nang malaki sa paglago ng agrikultura.

2. Mahalaga ang pagpapatupad ng batas sa isang estado upang maipabatid nito sa lipunan ang mga tuntunin na nararapat sundin para maisakatuparan ang kaayusan, katatagan, at kaunlaran.

3. Ang mahalagang papel na gampanin ng bawat mamamayan ay ang aktibong pakikilahok nito sa pamahalaan.

**Spartan**

1. Mga taong hindi umaasa sa komersyo sa halip sila ay umunlad sa paraang pananakop ng mga lupain sa karatig-lugar. Kilala sila bilang pamayanan ng mga mandirigma.

2. Natamo nila ang pagkakaroon ng malalakas na mandirigma dahil sa paghihimagsik ng mga helot. Pinalakas nila ang kanilang mga hukbo upang sakaling magkaroon man ng paghihimagsik ay madali nila itong mapigilan. Sinasanay nila ang mga mandirigma sa pagtungtong ng edad na pito hanggang sa maging ganap o handa na ito sa mga labanan. Inaasahan na sila ay magkaroon ng matikas at malakas na pangangatawan, maipakita ang kagalingan sa pakikipagdigma, at pagkakaroon ng tibay ng loob.

3. Upang maipagtanggol ang sarili at makatulong sa pagpigil sa mga naghihimagsik na mga helot.

4. Para sa sagot na HINDI. Sa ngayon ay hindi, dahil nalalaman na natin na ang bawat tao kahit bata o may kapansanan man ay may karapatan na dapat igalang lalo na ang karapatang mabuhay.

   Para sa sagot na OO.
   Oo, dahil ang pagiging sundalo ay ang pagkakaroon ng malakas na pangangatawan. Para itong pader na dapat hindi madaling madurog, matumba, o masira ng kahit anumang element ang itatapat nito.

5. Oo, napakahalaga lalong-lalo na sa isang bansa upang madaling masugpo ang mga banta na posibleng magpabagsak sa pamahalaan at upang mapanatili ang katiwasayan at kapayapaan.

| Gawain 4: Iugnay Mo, Kaunlaran Ko | |
|---|---|
| May Kaugnayan sa Pag-unlad ng Kabihasnan | Mahalagang Papel na Ginampanan sa Pag-unlad ng Kabihasnan |
| 1. Pakipagkalakalan | Natutunan ang mga bagong ideya at teknik mula sa ibang lugar ; napalago ang ekonomiya |
| 2. Pag-unlad ng mga polis at acropolis | Pundasyon ng komunidad at pamamahala; pinayabong ang kamalayang panlipunan |
| 3. Kasanayang pang-militar | Nagpanatili ng kapayapaan at tagapagtanggol sa oras na may mga sumalakay na mga kaaway |
| 4. Demokrasya | Nabigyan ng malawak na karapatan ang mga mamamayan na makibahagi sa pagpapabuti ng kanilang lugar |
| 5.Repormang pangkabuhayan | Nakatulong sa pagpalago sa ekonomiya |
| 6. Paghahati ng Athens sa sampung distrito | Nabigyan ng pagkakataon ang iba na mangasiwa sa kanilang pook ; mabilis na natugunan ang pagpapa-unlad ng pook; naging magaan na ang pamamahala ng pinuno |
| 7. Pagkakataong makapagtrabaho sa pamahalaan, mayaman man o mahirap | Nakatulong sa pagpalawak ng kapangyarihan ng pamahalaan; Pinahusay ang serbisyong pampubliko |
| 8. Pagpapahalaga sa edukasyon | Tulay sa patuloy na pagkakaroon ng mga bagong kaalaman sa iba't ibang larangan na naging makabuluhan sa pag-unlad ng sibilisasyon |
| 9. Mga proyektong pampubliko | Nakatulong sa kapakanang panlipunan at ekonomiya |
| 10. Paggawa o pagsulat ng batas | Nagsilbing patnubay upang mapanatili ang kaayusan at kaunlaran |

**Pagyamanin**
**Gawain 3: Diagram Completion**

Sparta (Pagkakaiba)
1. Pamayanan ng mandirigma
2. Malawak ang karapatan ng mga kababaihan
3. Pagsapit ng pitong taon, ang mga batang lalaki ay sumailalim na sa pagsanay para sa serbisyong militar.

Athens (Pagkakaiba)
1. Pinalawak ang demokrasya
2. Mga lalaki lamang ang binigyang ng malawak na karapatan
3. Pagsapit ng 18 taon, ang mga lalaki ay nagsasanay sa militar ng 2 taon

Sparta at Athens (Pagkakatulad)
1. Sinasanay ang mga lalaki para sa serbisyong militar
2. Nagpalawak ng kanilang teritoryo

**Tayahin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. C | 6. C | 11. B |
| 2. D | 7. D | 12. B |
| 3. C | 8. D | 13. C |
| 4. A | 9. A | 14. D |
| 5. C | 10. C | 15. A |

**Isagawa**
**Gawain 6: Ito Ang Gusto Ko!**

**Halimbawa:** Pangmatagalang Pananaw sa Edukasyon Para sa Lahat

Gawing sentralidad ang edukasyon sa bawat distrito at maging sa kabihasnan. Edukasyong walang pinipiling kasarian. Sa pamamagitan nito ang mga tao ay maiahon mula sa kahirapan, magkaroon ng magandang trabaho, makamit ang higit na pagkakapantay-pantay, makabuo ng isang maayos na gumaganang lipunan at tulong-tulong sa pagpayabong ng ekonomiya.

**Pamprosesong Tanong**

1. Nagbigay ng pantay na karapatan sa lipunan; pinahusay ang serbisyong pampubliko; pagtulong sa mga mahihirap.

2. Ikinagalit nila ang mga pagbabago dahil para sa kanila mas pinapaboran ang mga mahihirap, magdulot ng pagkalugi ng pamahalaan at maghikayat ng katamaran sa mga ordinaryong mamamayan.

3. Oo, dahil ang mga batas na ito ay para sa kapakanan ng lahat at wala itongkinakatigan. Pagbutihin at pahusayin ang mga pampublikong gawain at serbisyo. Iniahon ang mga dapat tulungan upang sa kabuuan ay makatutulong sa pagpapabuti ng ekonomiya ng bansa.

**Isaisip**
**Gawain 5: Batas ng Pagbabago**

| Mga Pinuno | Mga Batas/Pagbabagong Pinairal |
|---|---|
| 1. Solon | Inalis ang pagkakautang ng mahihirap at ginawang ilegal ang pagkaalipin nang dahil sa utang; gumawa ng sistemang legal na kung saan lahat ng malayang kalalakihang ipinanganak mula sa mga magulang na Athenian ay maaring maging hurado sa mga korte |
| | |
| 2. Draco | Nagpatupad ng pagkapantay-pantay sa lipunan at binawasan ng mga karapatan ang mga namumuno. |
| 3. Cleisthenes | Hinati sa sampung distrito ang Athens; nakaboto sa Asembleya ang mga mamamayan may-ari man ng lupa o wala; pinalayas ang mga banta sa Athens |
| 4. Pericles | Pagdagdag sa bilang ng mga manggagawa at pagpasuweldo; lahat ay puwedeng magtrabaho sa pamahalaan mayaman man o mahirap |
| 5. Pisistratus | Namahagi ng malaking lupang sakahan sa walang lupang mga magsasaka; nagpautang at nagbukas ng malawakang trabaho; pinagbuti ang sistemang patubig |

**Karagdaang Gawain**
**Gawain 7: Batas ng Kaunlaran**

**(Mga halimbawang sagot)**

REPUBLIC ACT 7796

Ito ay ang Technical Education and Skills Development Act of 1994 na nilagdaan bilang batas noong Agosto 25,994. Sa ilalim din nito ay itinalaga ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) bilang ahensiya ng pamahalaang itinatag upang makapagbigay ng edukasyong teknikal.

REPUBLIC ACT 8282

Ito ay tinatawag din bilang Social Security Act 1997. Itinadhanang batas na ito na tungkulin ng estado na paunlarin, pangalagaan at itaguyod ang kagalingang panlipunan at seguridad ng mga manggagawa.

PRESIDENTIAL DECREE 442

Ito ay mas kilala bilang Philippine Labor Code na naisabatas noong Mayo 1, 1974. Itinuturing ito bilang pangunahing batas ng bansa para sa mga manggagawa. Ito ay naglalaman ng mga probisyon para sa "espesyal na manggagawa"- kabilang ang mga industrial homeworker, kasambahay, batang manggagawa, at kababaihan---na kabilang sa impormal na sektor. Batay sa Book 2, Title II of the Labor Code, ito ay may probisyon tungkol sa pagsasanay na dapat ipagkaloob sa mga manggagawa upang mapaghusay pa ang kanilang mga kasanayan.

# *Sanggunian*

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral.* Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph